ULAT SA BUOD NG ENGAGEMENT

Bahagi 1: Mayo-Hulyo 2022

Nobyembre 2022



RUPERT + RENFREW
Station Area Plan

CITY OF VANCOUVER

INTRODUKSIYON

Noong Nobyembre 2021, sinimulan ng Lungsod ng Vancouver ang proseso ng pagpaplano para sa mga lugar sa paligid ng Rupert at Renfrew SkyTrain station. Kapag kumpleto na, ang Plano sa Lugar ng Rupert at Renfrew Station ay gagabay sa paglago at pagbabago kaayon ng Plano ng Vancouver at mga ibang polisiya ng Lungsod. Kasunod ng pag-apruba ng Council ng Mga Tuntunin ng Reference ng proyekto, sinimulan ng mga kawani ang unang yugto ng pampublikong engagement noong Mayo ng 2022.


Ang sumusunod na dokumento ay nagbibigay ng buod ng proseso ng engagement hanggang sa kasalukuyang petsa para sa Plano ng Lugar ng Rupert at Renfrew Station. Pagtatayo sa mga layunin at vision ng Plano ng Vancouver, ang unang yugto na ito ng engagement ay dinesenyo para humingi ng input, bumuo ng pakikipagsosyo at itaguyod ang kabatiran ng programang pagpaplano. Bilang bahagi ng prosesong ito, nakipag-ugnay ang aming mga kawani sa mga miyembro ng publiko, industriya ng development, at mga stakeholder ng pamahalaan na may mga layunin ng 1) pagte-test ng mga kasunduan ng mga Maagang Direksiyon, 2) pagkilala ng mga ari-arian ng komunidad at mga puwang, at 3) pagtanggap ng mga ideya sa mga direksiyon at prayoridad ng plano. Inabisuhan ang Mga Maagang Direksiyon ng Tatlong Malalaking Ideya ng Plano ng Vancouver (“Patas na Pabahay at Mga Kumpletong Kapitbahayan”, “Isang Ekonomiyang Gumagana para sa Lahat”, at “Proteksiyon ng Klima at Mga Naipanumbalik na Ecosystem”).

Sumasaklaw ng kurso ng 10 linggo (mula Mayo hanggang Hulyo 2022), nasaklawan nitong unang Yugto ng Pakikipag-ugnay ang sumusunod na mga paraan: online na survey, pagmamapa ng kapitbahayan, mga pop-up na kaganapan, mga open house, mga workshop ng komunidad, at mga pakikipagpulong ng mga stakeholder sa mga kinatawan ng industriya, mga non-profit, at mga lokal na ahensiya ng pamahalaan. Nagsagawa din ang mga kawani ng mga naka-target na workshop sa mga grupo na tinanggihan ng kapantayan, kabilang ang mga Katutubong tao, kabataan, mga senior, at mga maliit ang kinikita. Ang pamamaraang ito ay nagbigay ng mabisang paraan para maabot ang malawak na madla habang kumukolekta ng input mula sa mga eksperto at mga grupong sa kasaysayan ay hindi nakasama sa mga usapang munisipal.

Ang natanggap na pagpuna ay sinuri at ipinagbuo para abisuhan ang mga balangkas na polisiya, mga rekomendasyon, at nauukol na teknikal na pagsusuri.

Ang karagdagang konsultasyon ay pinaplano para sa maagang bahagi ng 2023 at higit na dadagdagan pa ng pampublikong pakikipag-ugnayan at pagsusuri pabalik sa mga stakeholder ng industriya, at mga grupo na tinanggihan ng kapantayan. Ang pagpuna mula sa teknikal na trabaho at pakikipag-ugnay ay gagamitin para bumuo ng balangkas na plano, kasama ang mga pagpipilian sa pagitan ng magkakaibang opsiyon para sa mga uri, lokasyon, at mga sukat ng mga bagong gusali sa buong lugar. Hahanap tayo ng input sa balangkas na plano sa Q2 2023 at input sa panghuling balangkas sa Q3 2023. Inaasahan naming magdala ng panghuling plano sa Konseho para maaprubahan sa Q1 2024.

TIMELINE NG PROYEKTO





BUOD NG MGA NALAMAN

MGA RESULTA NG SURVEY

Nagsagawa ang Lungsod ng online na survey mula Mayo 5 hanggang Hunyo 24, 2022 para kumalap ng pampublikong input at makatanggap ng pagpuna sa Mga Maagang Direksiyon ng Balangkas. Hi-nost ang survey sa online na hub ng pakikipag-ugnay ng Lungsod, Shape Your City, at isinalin sa Tradisyonal na Tsino. Ang mga serbisyong interpretasyon sa Cantonese, Mandarin, Tagalog at Vietnamese ay hinandog sa telepono sa mga naghahanap ng karagdagang tulong sa wika.

Namahagi din ang mga kawani ng survey sa mga miyembro ng komunidad sa mga personal na kaganapan tulad ng mga open house at mga pop-up na sesyon sa kapitbahayan. Tinanong ng iba't ibang mga tanong ang mga residente sa mga pangunahing paksa kabilang ang pabahay, transportasyon, mga likas na ecosystem, mga pampublikong espasyo, mga serbisyo ng komunidad, at sining at kultura. Sa kabuuan, nakatanggap kami ng 300 sagot at mahigit sa 1,600 open-ended na mga komento. Nakabuod sa ibaba ang mga pangunahing tampok.

304
nakumpleto mga survey

+1,600
Mga komento

- **Mga Maagang Direksiyon:** Tkalahatang kasunduan sa balangkas na Mga Maagang Direksiyon, partikular sa mga kaugnay ng pagprotekta at pagdagdag ng espasyo sa trabaho sa Mga Lupain ng Pag-empleyo, pagdagdag ng mas maraming opsiyon sa pabahay sa nakapaligid na mga lugar at mga komentong sumusuporta na ginagawa ang lugar na mas masigla, malalakaran, at mabibisikletahan.
- **Pabahay:** Malakas na suporta para sa mas maraming opsiyon sa pabahay, lalo na para sa mga pamilya at mga umuupa na katamtaman ang kita.
- **Kalikasan:** Ang malawak na suporta ay naitala sa pagbabalik ng mga likas na ecosystem, lalo na ang tirahan ng ibon at wildlife, partikular para sa Still Creek at Renfrew Ravine.
- **Mga Serbisyo ng Komunidad:** Ang pag-aalaga ng bata ay natukoy sa pinakaninanais na serbisyo sa komunidad, malapitang sinusundan ng mga aklatan, pool at fitness na pasilidad.
- **Sining at Kultura:** Naitala ng mga sumasagot ang kawalan ng mga pangkultura at artistikong espasyo at mga kaganapan, o kakulangan ng kabatiran ng mga umiiral na amenidad. Natukoy ang malakas na suporta para sa pagpaparami ng sining at kultura sa lugar.
- **Transportasyon**: pamimisikleta at pedestrian, lalo na ang mga nakahiwalay na mga bike lane, at mas magagandang bangketa. May malawak ding suporta para sa mas madalas na serbisyo ng bus at pagpapakalma ng trapiko.
- **Mga Pampublikong Espasyo:** Malakas na kasunduan sa pangangailangang pagandahin ang mga parke at berdeng lugar para mapabuti ang pag-enjoy at pag-access (hal. pagdagdag ng mas maraming mga bangko, puno, lamesa para sa picnic at mga nasa labas na may bubong na lugar).

MGA RESULTA NG PAGMAMAPA SA KAPITBAHAYAN, BAHAGI I


Nagsagawa ng iba't ibang mga aktibidad sa pagmamapa sa pagitan ng Mayo at Hulyo 2022. Inimbitahan ang publiko para kilalanin ang mga lokasyon sa lugar ng Rupert-Renfrew na mahalaga sa kanila at ang kapitbahayan din bilang mga oportunidad sa pagpapabuti. Ang input ay kinolekta online sa pamamagitan ng platapormang Shape Your City pati na sa pamamagitan ng iba't ibang personal na kaganapan, kabilang ang mga open house, mga pop-up na kaganapan ng komunidad, at mga pakikipagpulong sa mga grupo na sa kasaysayan ay hindi naisama sa pagpaplanong munisipal sulad ng mga senior na Tsino, mga Katutubong tao, kabataan, at mga taong mababa ang kita. Sa kabuuan, mahigit 350 tao ang lumahok sa pagmamapa ng kapitbahayan, nagbibigay ng mahigit sa 1,500 komento.

350
mga tagapag-ambag

1,500
mga komento

PAGMAMAPA NG KAPITBAHAYAN

Ipinapakita ng imaheng ito ang lawak ng mga komento na nakolekta bilang bahagi ng mga aktibidad sa pagmamapa ng ari-arian.



- Kakaiba
- Puso ng Kapitbahayan
- Mga grocery
- Mga Restawran at Mga Ibang Serbisyong Pagkain
- Mga Shop at Mga Tindahan
- Mga Parke, Plaza at Mga Bukas na Espasyo
- Sining at Mga Pangkulturang Espasyo
- Mga Serbisyo ng Komunidad
- Transit
- Paglalakad / Pag-gulong
- Pagmamaneho/Pagparada
- Pabahay

ANO ANG NARINIG NAMIN (MGA PANGUNAHING TUGON)

Mga lugar na tunay na kinagigiliwan

- Renfrew Community Centre
- Still Creek & Renfrew Ravine
- Thunderbird Community Centre
- Mga puno na Cherry Blossom
- Italian Cultural Centre
- Mga Lokal na Parke

Anong mga parke at bukas na espasyo ang ginagamit ng mga tao?

- Falaise Park
- Beaconsfield Park
- Sunrise Park
- Clinton Park
- Renfrew Ravine & Still Creek

Saan namimili ang mga tao?

- Superstore
- Banana Grove Market and Deli
- Walmart
- 1st Avenue Marketplace

Anong mga serbisyo ng komunidad ang mahalaga?

- Renfrew Community Centre & Library
- Thunderbird Community Centre
- Frog Hollow Neighbourhood House

Anong mga sining at eapasyo ng kultura ang gusto ng mga tao?

- Lu'ma
- VIVO Media Arts
- Lễ hội Trung thu Renfrew Ravine

Saan pumupunta ang mga tao para uminom?

- 1st Avenue Marketplace
- Ragazzi Pizza
- Strip mall sa Grandview Hwy at Renfrew St

MGA RESULTA NG PAGMAMAPA SA KAPITBAHAYAN, BAHAGI II

Narinig din namin ang tungkol sa mga lugar na kailangan ng pagpapabuti. Ang mga pangunahing tema sa ibaba ay inayos ayon sa koneksiyon nila sa Tatlong Malalaking Ideya na pinakita sa Plano ng Vancouver. Ang Mga Malalaking Ideya na ito ay gumagabay sa istratehiya sa paggamit ng lupain at direksiyon para sa pagbuo ng mga polisiya para sa Plano ng Lugar ng Rupert at Renfrew Station.

MALAKING IDEYA #1: Patas na Pabahay at Mga Kumpletong Kapitbahayan

Ano ang narinig namin

- Mas maraming abot kayang opsiyon sa pabahay sa buong spectrum ng kita
- Mas maraming mga opsiyon sa pabahay sa missing middle na anyo o higit sa 6 na palapag
- Mga oportunidad para sa mas maraming pagsisiksikan sa at sa labas ng mga arteryal
- Mga oportunidad na isama ang pabahay sa mga ibang amenidad
- Mas maraming espasyo sa pag-aalaga ng bata at pag-aalaga makalipas ang paaralan ang kailangan
- Kakulangan ng mga espasyo kung saan magsalo-salo at makihalubilo (mga plaza, patio, atbp.)

MALAKING IDEYA #2: Isang Ekonomiya na Gumagana para sa Lahat

Ano ang narinig namin

- Kakulangan ng independiyente, lokal na serving na retail
- Mga oportunidad para sa mas maraming restawran, pub at cafe
- Kakulangan ng mga espasyo ng sining/ studio
- Kailangang protektahan at palakasin ang Mga Lupan ng Pag-empleyo
- Mga oportunidad para sa mas maraming espasyo sa trabaho sa paligid ng mga istasyon ng transit
- Mas maraming mga tindahan ng grocery na lokal na nagseserbisyo

MALAKING IDEYA #3: Proteksiyon ng Klima at Mga Napanumbalik na Ecosystem

Ano ang narinig namin

- Pagandahin ang Still Creek
- Protektahan ang Renfrew Ravine
- Pagandahin ang network ng pamimisikleta
- Pabutihin ang kakayahang malakaran ang mga lupain ng mga trabaho
- Mga oportunidad para sa mas maraming hardin ng komunidad
- Magtanim ng mas maraming puno sa mga pampublikong espasyo
- I-upgrade ang imprastraktura ng bangketa
- Pangangailangan sa mga ligtas na krusan

MGA IBANG TEMA


- Mas maraming pagpapakalma ng trapiko at mitigasyon ng ingay
- Kakulangan ng mga off-leash na parke ng aso
- Kailangang i-upgrade ang mga playground
- Lumikha ng mas maraming lugar na malilim
- I-upgrade ang mga pampublikong palikuran





MGA RESULTA NG PAGMAMAPA SA KAPITBAHAYAN, BAHAGI III

Ang ‘What We’ve Heard Mapping’ ay nagbibigay ng visual na buod ng mga bagay na sinabi niyo sa amin ay mahalaga tungkol sa mga pampublikong espasyo, mga puso ng komunidad, mga retail hub at mga koneksiyon sa kapitbahayan niyo.



- Planuhin ang Lugar ng Pag-aaral
- Skytrain Station
- Kasalukuyang Retail
- Still Creek
- Mga Track ng Railway

Mga Pinabuting Kalye – ito ay ang mga kalye at krusan na iyong minungkahi na nangangailangan ng pagpapabuti para sa mga pedestrian para gawin itong mas ligtas at mas kasiya-siya

Mga Espesyal na Pananaw – ito ang mga lokasyon na iyong natukoy na may epekto sa mga tanawin sa nakapaligid na mga bundok at lungsod

Bagong Retail – ito ang mga pangkalahatang lugar na iyong minungkahi na makikinabang mula sa mas maraming retail at amenidad para sa kapitbahayan

Puso ng Komunidad – ito ang mga lokasyon na maaaring iyong natukoy na pakiramdam mong puso ng iyong komunidad

Kakaibang Ari-arian ng Komunidad – ito ang mga lokasyon na iyong natukoy na tunayna mahalaga dahil kakaiba silang mga ari-arian ng komunidad

Paano namin ginagamit ang input mo mula sa mga aktibidad sa pagmamapa ng kapitbahayan?

Para sa Plano ng Lugar ng Rupert at Renfrew Station, kinukuha namin ang input na ito at ginagamit ito para bigyang impormasyon at ihugis ang mga polisiya at mga pagkilos ng Plano. Halimbawa:

INPUT

We heard about the need to improve cycling infrastructure in the study area. Draft Early Directions include creating a safer, more comfortable, and more fine-grained active transportation network.Narinig namin ang tungkol sa pangangailangang pabutihin ang imprastraktura ng pamimisikleta sa lugar ng pag-aaral. Kasama sa Pagbalangkas ng Mga Maagang Direksiyon ang paglikha ng mas ligtas, mas kumportable, at mas pinong aktibong network ng transportasyon.

OUTPUT

Ang potensiyal na mga agarang mga pagpapabuti ang mga protektadong mobility lane sa E 22nd Ave, at paglikha ng Eastside Crosscut Greenway (nakilala bilang prayoridad ng Konseho, na may mas detalyadong pakikipag-ugnay na pansamantalang nakatakda para sa huling bahagi ng 2023).

Mga ibang halimbawa ng kung paano ang input mo ay humuhubog sa plano:

1. Narinig namin na ang mga malalaking may bakod na bloke sa mga pangunahing kalye ay pumipigil sa paglalakad at pamimisikletang koneksiyon sa mga oportunidad mula sa rapid transit at mga ibang lokasyon. Kasama sa mga halimbawa ng mga bagong koneksiyon sa paglalakad at paggulong sa malaking development ng site ang pagbibigay ng pinabuting pedestrian na koneksiyon sa pagitan ng Cornett at Rupert Street.
2. Narinig namin ang malakas na suporta para i-upgrade ang Renfrew Community Centre. Natukoy ang Renfrew Community Center sa pangunahing tatlong sentro na may mataas na proyoridad para sa pag-renew sa Community Center Renewal Strategy ng Vancouver Park Board, at naghihintay ng pagpopondo ng planong puhunan.
3. Marami ang nagsabing buksan at palawakin ang Still Creek. Ang Lungsod ay nasa proseso ng pag-update ng 2002 Still Creek Enhancement Study na tutulong na gabayan ang updated na mga oportunidad sa pagpapaliwanag ng ilaw sa creek corridor.Still Creek năm 2002, nghiên cứu này sẽ định hướng cho các cơ hội cập nhật về chiếu sáng ban ngày cho hành lang dòng này.

